

# SUMMATIVE TEST 3

# GMRC 4

NAME: \_\_\_\_\_ DATE: \_\_\_\_\_  
SECTION: \_\_\_\_\_ TEACHER: \_\_\_\_\_

## I. Piliin ang tamang sagot. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

- Ano ang kahulugan ng PWD?
  - People with Differences
  - Persons with Disabilities
  - People with Determination
  - Personal Working Duties
- Alin sa mga sumusunod ang hindi isang halimbawa ng PWD?
  - Isang taong may kapansanan sa paningin
  - Isang taong gumagamit ng wheelchair
  - Isang taong matangkad at malusog
  - Isang taong may problema sa pandinig
- Ano ang wastong paraan ng pakikitungo sa mga PWD?
  - Iwasan sila dahil iba ang kanilang kalagayan
  - Magpakita ng malasakit at respeto sa kanila
  - Tawanan sila upang matuwa sila
  - Huwag silang kausapin upang hindi sila mapahiya
- Ano ang pangunahing layunin ng batas para sa mga PWD?
  - Ihiwalay sila sa lipunan
  - Bigyan sila ng espesyal na pribilehiyo nang hindi nagtatrabaho
  - Protektahan ang kanilang karapatan at bigyan sila ng pantay na oportunidad
  - Pilitin silang gawin ang lahat ng gawain mag-isa
- Bakit mahalaga ang pagkilala sa kontribusyon ng mga PWD sa ating lipunan?
  - Upang magbigay-aliw sa kanila
  - Upang ipakita na kaya nilang tumulong sa lipunan sa kabila ng kanilang kalagayan
  - Upang hindi sila mahirapan sa buhay
  - Upang sila ay mapansin ng iba

## II. Punan ang patlang ng tamang sagot upang mabuo ang pangungusap.

 **Panuto:** Punan ang patlang ng tamang sagot mula sa kahon.

| Diskriminasyon                                                                                         | Pagkilala | respeto | inspirasyon | batas |
|--------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------|---------|-------------|-------|
| 6. Ang pagbibigay ng _____ sa mga PWD ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa kanilang kakayahan.           |           |         |             |       |
| 7. Ang mga PWD ay dapat tratuhin nang may _____ tulad ng ibang tao sa lipunan.                         |           |         |             |       |
| 8. Ang mga tagumpay ng mga PWD ay nagsisilbing _____ para sa ibang tao na humaharap sa hamon ng buhay. |           |         |             |       |
| 9. Ang _____ ay hindi makatarungang pagtrato sa isang tao batay sa kanyang kapansanan.                 |           |         |             |       |
| 10. Ang _____ ay naglalayong protektahan ang karapatan ng mga taong may kapansanan.                    |           |         |             |       |

## III. Tukuyin kung ang pangungusap ay Tama o Mali.

 **Panuto:** Isulat ang **T** kung ang pangungusap ay **tama** at **M** kung ito ay **mali**.

- Dapat bigyan ng espesyal na pagtrato ang mga PWD upang hindi sila mahirapan.

## SUMMATIVE TEST 3

## GMRC 4

12. May mga batas sa Pilipinas na nagpoprotekta sa karapatan ng mga taong may kapansanan.
13. Ang mga taong may kapansanan ay walang kakayahang makapag-ambag sa lipunan.
14. Ang pagiging may malasakit sa mga PWD ay nagpapakita ng tunay na kabutihang-loob.
15. Ang isang mas maunlad na lipunan ay may pantay na pagtrato sa lahat ng tao, kasama ang mga PWD.

### IV. Tukuyin ang tamang kasagutan.

 **Panuto:** Tukuyin ang tamang sagot mula sa pagpipilian sa kahon.

| <b>Pantay na Oportunidad<br/>Diskriminasyon</b> | <b>Universal Design<br/>Inclusion</b> | <b>Accessibility</b> |
|-------------------------------------------------|---------------------------------------|----------------------|
|-------------------------------------------------|---------------------------------------|----------------------|

16. Ano ang tawag sa pagbibigay ng pantay na pagkakataon sa mga PWD sa edukasyon at trabaho?
17. Ano ang tawag sa disenyo ng mga gusali at pasilidad na akma para sa lahat ng tao, kabilang ang mga may kapansanan?
18. Ano ang tawag sa pagbibigay ng tamang pasilidad at kagamitan upang mapadali ang pagkilos ng mga PWD?
19. Ano ang tawag sa hindi patas na pagtrato sa mga PWD sa iba't ibang aspeto ng buhay?
20. Ano ang tawag sa pagsasama ng mga PWD sa normal na daloy ng lipunan at hindi paghihiwalay sa kanila?

### SAGOT SA PAGSUSULIT

1. **b**
2. **c**
3. **b**
4. **c**
5. **b**
6. **pagkilala**
7. **respeto**
8. **inspirasyon**
9. **diskriminasyon**
10. **batas**
11. **M**
12. **T**
13. **M**
14. **T**
15. **T**
16. **Pantay na Oportunidad**
17. **Universal Design**
18. **Accessibility**
19. **Diskriminasyon**
20. **Inclusion**

# SUMMATIVE TEST 3

# GMRC 4

TABLE OF SPECIFICATIONS

| Learning Competencies                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                  | No. of Days | Percent age | No. of Items | Item Placement Under Each Cognitive Domains |                      |                      |               |            |          |
|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-------------|-------------|--------------|---------------------------------------------|----------------------|----------------------|---------------|------------|----------|
|                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                        |             |             |              | Remembering                                 | Understanding        | Applying             | Analyzing     | Evaluating | Creating |
| <p>Naisasabuhay ang pagiging mapagpasalamat sa pamamagitan ng paggamit sa mga kontribusyon ng mga natatanging taong may kapansanan o Persons with Disability (PWD) bilang gabay sa pasiya at kilos.</p> <p>a. Nailalarawan ang mga katangi-tanging nagawa at pagpapahalaga ng mga taong may kapansanan o Persons with Disability (PWD) sa pamayanang kinabibilangan.</p> <p>b. Naipaliliwanag na ang sariling pagkilala sa mga natatanging taong may kapansanan o Persons with Disability (PWD) sa pamayanan ay pagpapahalaga sa kanilang mga kontribusyon na nagpapabuti sa kalagayan ng lipunan o bayan.</p> <p>c. Nakapaglalatap ng mga paraan upang bigyang pagkilala ang mga natatanging taong may kapansanan o Persons with Disability (PWD) dahil sa kanilang kontribusyon.</p> | 5           | 50          | 10           | 1 2 3 4<br>5                                | 16 17<br>18 19<br>20 | 11 12<br>13 14<br>15 | 6 7 8<br>9 10 |            |          |
| <p>Naisasabuhay ang pagiging mapagmalasakit sa mga hayop sa pamamagitan ng pagiging sensitibo at pagtugon sa kanilang mga pangangailangan.</p> <p>a. Nailalarawan ang mga paraan ng pangangalaga sa mga hayop bilang bahagi ng kapaligiran.</p> <p>b. Naipaliliwanag na ang pangangalaga sa hayop bilang bahagi ng kapaligiran ay tungkulin ng tao bilang isang mabuting katiwala upang mapanatili ang buhay at kalusugan.</p> <p>c. Naisasakilos ang mga paraan ng pangangalaga sa mga hayop bilang bahagi ng kapaligiran</p>                                                                                                                                                                                                                                                         | 5           | 50          | 10           |                                             |                      |                      |               |            |          |
| <b>TOTAL</b>                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                           | 10          | 100 %       | 20           |                                             |                      |                      |               |            |          |